# Whooping Cough

Public Health
Seattle & King County

## Ano ang whooping cough (ubong-dalahit)?

Ang whooping cough, na kilala rin sa tawag na pertussis, ay sanhi ng isang bakterya na kumakalat sa hangin. Ang mga maagang palatandaan ng whooping cough ay maaaring magsimula tulad ng pangkaraniwang sipon. Sa kalaunan, maaari itong maging walang humpay na pag-ubo, pagsusuka, o kahirapan sa paghinga.



## Ano ang nangyayari sa King County?


Dumarami ang bilang ng mga kaso ng whooping cough dito sa King County at sa U.S. Marami sa mga nagkakasakit ay mga bata, kabilang ang mga sanggol. Ang iba sa kanila ay naospital na.



## Ano ang maaari kong gawin?

Ang pagpapabakuna ang pinakamahusay na paraan para maiwasan ang whooping cough. Ito ay lalong mahalaga sa mga sanggol at mga buntis, dahil maaaring lubhang magksakit ang mga sanggol. Ang mga bakuna sa whooping cough ay ligtas sa mga bata at nakatatanda, kabilang ang mga buntis.

Ang mga bakuna, gaya ng anumang gamot, ay maaaring magkaroon ng mga side effect. Ang mga pinakakaraniwang side effect ay banayad at kusang nawawala. Tingnan ang tsart sa ibaba para matukoy kung aling bakuna ang nararapat para sa iyo.



| Mga sanggol at maliliit na bata | Mga nagdadalaga/nagbibinata | Mga buntis | Nasa hustong gulang 19+ |
|---|---|---|---|
| DTaP | Tdap | Tdap | Tdap |
| 2, 4, at 6 buwang gulang<br>15-18 buwang gulang<br>4-6 taong gulang | 11-12 taong gulang | Ikatlong trimestre ng bawat pagbubuntis | Kahit kailan para sa kung sino ang hindi pa nababakunahan |

Kailangan ng doktor? Makipag-ugnayan sa Community Health Access Program sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-756-5437 o mag-email sa CHAP@kingcounty.gov.

Higit pang matuto tungkol sa whooping cough: bit.ly/kcpertussis

7/30/24 Tagalog